INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# WIKANG FILIPINO, KAYAMANAN NATING MGA PILIPINO

**ni: MARIANIE L. EMIT**

Ipinagmamalaki ko ang wikang Filipino
Tunay na kayamanan nating mga Pilipino
Salamin sa napakayamang kultura ng ating bansa
Repleksiyon sa 'ting pagkakakilanlang kahanga-hanga

Mga salita at dayalekto nati'y iba-iba man
Wikang Filipino'y susi sa 'ting pagkakaintindihan
Tiyak nga itong kasangkapan sa komunikasyon
Dulot nito'y pagkakaisa ng ating nasyon

Di matatawaran angkin nitong kadakilaan
Noon, ngayon at magpakailanpaman
Minumulat ating mga mata sa ating kasaysayan at pinagmulan
Tila di malilimutang pamana ng mga ninuno sa sangkatauhan

Makulay na kultura, tradisyo't paniniwala
Sa pang-araw-araw na pamumuhay nati'y makikita
Natatanging sining at panitikan, tula, kwento, dula o kanta man

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
*****************************************************************************************************

Patunay sa yaman ng 'ting imahinasyon, damdami't karanasan bilang isang bayan

Mahal kung Wikang Filipino, ika'y biyayang tunay

Mahikang dulot mo ay sadyang walang kapantay

Ika'y nagsisilbing aming ilaw at lakas

Na aming gabay tungo sa tuwid na landas

Sa pag-usbong ng bagong henerasyon

Wikang Filipino'y sumasabay sa modernisasyon

Patuloy na nagbabago't yumayaman

Umaangkop sa pag-unlad ng teknolohiya't lipunan

Kaya taas noo kong ipagsisigawan sa buong mundo

Wikang Filipino, yaman ng sambayanang Pilipino

Ibabandera't iwawagayway ating bandila

Lubos na iingatan mahal kong lahi at wika

At sa tulang ito ang aking huling habilin

Wikang Filipino ating buong pusong mahalin

Palaging gamitin sa pagkikipagtalastasan natin

Pahalagahang mabuti't mas pag-aralan pa natin.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************